

جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالزلفي
مشروع تَعَلُّم الإسلام – أحكام الصلاة – اللغة الفلبينية

Aralin 7

الدرس السابع

المسبق في الصلاة

Ang Nahuli sa Saláh

Ang rak'ah na isinasagawa ng imám, na naabutan ng isang nahuli sa pagdalo sa saláh sa jamá'ah, ang simula ng rak'ah niya. Naaabutan ang isang rak'ah ng saláh kapag naabutan ang pagyukod sa rak'ah ng saláh kasama ng imám. Subalit kung hindi naabutan kasama ng Imám ang pagyukod sa rak'ah na iyon, hindi na naabutan ang buong rak'ah o yunit ng saláh na iyon. Ang dumating nang huli ay dapat na lumahok sa jamá'ah maging anuman ang posisyon nila — nakatayo o nakayukod o nakapatirapa man sila o maging ano pa man ang ginagawa nila.

Bago sumabay ay isagawa muna ang takbíratul'ihram o ang panimulang takbír habang nakatayo maliban na lamang kung may dahilang hindi tumayo gaya ng isang taong may-sakit. Pagkatapos magsagawa ng taslím ng imám ay tumayo at huwag magsagawa ng taslím kung mayroong isang rak'ah o mga rak'ah na hindi naabutan. Halimbawa ay mayroong isang rak'ah na hindi naabutan sa saláh sa dhuhr, pagkatapos magsagawa ng taslím ng imám ay tatayo upang gawin ang isang rak'ah na hindi naabutan sapagkat ang isinagawang saláh kasama ng imám ay tatlong rak'ah lamang.

Ang mga Nakasisira sa Saláh مبطلات الصلاة

1. Ang pagsasalita nang sadya kahit kaunti lamang,
2. Ang paglihis ng buong katawan sa pagkakaharap sa Qiblah,
3. Ang pag-utot o paglabas sa katawan ng anumang nagiging dahilan kung bakit kailangan ang wudú' at ghusl,
4. Ang maraming sunud-sunod na paggalaw na hindi kailangan,
5. Ang pagtawa kahit kaunti lamang,
6. Ang sinasadyang pagpapasobra sa bilang ng pagyukod o pagtayo o pagpapatirapa o pag-upo, at
7. Ang sinasadyang pakikipag-unahan sa Imám.